

Paghimay sa Materyal na Kultura ng Blaan Mula sa Kanilang Kwentong Bayan

NELIA O. DU

Instructor

University of Southern Mindanao

nodu@usm.edu.ph,

ORCID No. 0009-0007-4434-0970

Abstrak — Nilayon ng pag-aaral na lumikom ng kwentong bayan ng mga Blaan sa Brgy. Pisan, Kabacan, North Cotabato at taluntunin ang kanilang materyal na kultura. Sa pagbibigay katuparan sa layunin, nasagot ang tanong na (1) Ano-ano ang materyal na kultura na masasalamatin sa Kwentong Bayan ng Blaan?

Saklaw ng pag-aaral na ito ang mga Kwentong Bayan na kasasalaminan ng materyal na kultura ng mga Blaan na nakatira sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato. Kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral at sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng deskriptibong pamaraan partikular ang kontent analisis. Pamaraang indihenus o pangkatutubo ang pamaraang ginamit.

Natuklasan sa pag-aaral na masasalamatin sa Kwentong Bayan ang mga materyal na kultura ng Blaan na katulad ng kanilang mga kasuotan na nagsisilbing kanilang pagkakakilanlan maging ang instrumentong agong na kanilang ginagamit sa iba't ibang pagdiriwang.

Mga Susing Salita — Blaan, Materyal na Kultura, Kwentong Bayan, Kultura

I. Introduksyon

Masasalamatin sa Panitikan ang karanasan at kultura ng isang lipunan. Mababasa rito ang paniniwala at kaisipan ng mga bumubuo ng isang pangkat. Mula sa Panitikan, makikila ang grupo ng tao maging ang kanilang mga gawi, kagamitan at iba pang impormasyon sa kanila. Ayon pa nga kina Nicasio at Sebastian mula sa aklat ni Marquez at Garcia, na ang panitikan ay kabuuang karanasan ng isang bansa, mga kaugalian, paniniwala, pamahiin, kaisipan at pangarap ng isang lahi na ipinahahayag sa mga piling salita; sa isang maganda at makasining na paraan na maaaring pasulat o pasalita. Kaya naman, mula sa Panitikan ng isang grupo ng tao, sila ay mas lalong makikilala at matutunghayan dito ang kanilang mga gawi at mga bagay na bahagi na ng kanilang buhay.

Sa pamamagitan ng pagbabasa ng Panitikan, nagkakaroon ng sapat na kaalaman hinggil sa kultura ng isang grupo. Ayon kay Hufana (2010), ang kultura ay tumutukoy sa lahat ng natutunan ng isang indibidwal sa lipunang kanyang kinabibilangan. Dagdag pa ni White mula pa rin sa aklat ni Hufana (2010), na ang kultura ay isang organisasyong phenomena na sumasaklaw sa paraan ng pag-uugali, kagamitan at iba pang mga kasangkapan, ideya at karakter.

Isang uri ng kultura ay materyal na tumutukoy sa mga materyal na objek na nagawa at ginagamit ng tao mula sa pinakapayak tulad ng tools, utensils, furniture at clothing hanggang sa malalaking bagay tulad ng arkitektural na disenyo, automobiles, engines at iba pa (Hufana et al. 2018).

Isa sa mga pangkat etniko na matatagpuan sa bayan ng Kabacan ang mga Blaan na may mayamang oral na panitikan na kasasalaman ng kanilang kultura. Ang pangkat ng B'laan ay isa sa labingwalong etniko grupong hindi kabilang sa pangkat ng mga Muslim na nanahanan sa Isla ng Mindanao. Ang B'laan ang itinuturing na pangatlo sa pinakamalaking pangkat (Du, 2014). Sila'y may Kwentong Bayan na maaaring magsiwalat ng kanilang mga materyal na kultura na maaaring magpapakilala sa kanila.

Ang papel na ito ay bahagi ng nalimbag sa Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research sa isyung Bolyum 2, bilang 6, Disyembre 2014.

II. Metodolohiya

Ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ang kombinasyon ng pamaraang palarawan o deskriptibo at pamaraang indehinus o pangkatutubo. Sinuri ang mga nakalap na oral na panitikan sa pamamagitan ng palarawan/deskriptibong pagsusuri, partikular ang pamaraang kontent analisis.

Ang pananaliksik ay isinagawa sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato. Ang nasabing barangay ay isa sa mga barangay na bumubuo sa bayan ng Kabacan na kabilang sa probinsiya ng Cotabato.

Anim na impormante ang pinagmulan ng mga Kwentong Bayan. Ginamit ang convenience at snow ball sampling sa pagpili ng mga impormante. Ang mga sumusunod ang siyang ginamit na krayetria sa pagpili ng impormante: (1) katutubong Blaan ng Pisan, Kabacan, Cotabato; (2) may edad apatnapu (40) pataas; (3) malawak ang kaalaman tungkol sa kulturang Blaan; at (4) maalam tungkol sa oral na panitikan ng Blaan.

Isang Blaan ang nagtranskrayb sa mga nairekord na kwento. Isang propesyonal na Blaan naman ang nagsalin sa Filipino sa mga Kwentong Bayan. Upang matiyak ang kawastuhan ng salin, ito'y sumailalim din sa back translation (balik-salin) sa wikang Blaan sa pamamagitan ng isang gurong Blaan na maalam sa wikang Filipino at Blaan. Mula sa mga naisalin na Kwentong Bayan, iklinasifay ito ayon sa genreng kinabibilangan. Upang mas lalo pang makatiyak sa katumpakan ng salin at sa nilalaman ng mga Kwentong Bayan, dumaan naman ito sa validasyon. Dalawang propesyonal na Blaan sa Brgy. Tinongcop, Tantaran South Cotabato ang nagsilbing valideytor. Ang pagtukoy at pagsusuri sa materyal na kultura ay isinailalim din sa validasyon ng mga datu ng Blaan.

III. Resulta Ng Pag-Aaral

May mga kasuotan at kagamitan ang mga Blaan bilang pagkakakilanlan sa kanila. Ang kanilang kasuotan ay hawig sa kasuotan ng mga Bagobo. Walang gaaanong **beads** bagkus ay gumagamit ng disenyong **embroidered** na nagpapakita ng kanilang kasiningan.

Ang mga materyal na kultura ng mga Blaan na masasalamatin sa mga Kwentong Bayan ay *ulaw* (tubaw), gintong kwentas at singsing, porselas at iba pang palamuti sa katawan, *bloyot* (uri ng sisidlan), *owing el* (bangka), *kalon* (kogon), sibat, dahon bilang lalagyan ng pagkain, itak, banig at unan na ginagamit sa kasal, *gene laho* (uri ng sisidlan), *kolang tanok* (kaldero na yari sa luwad), *kampilan*, *kelo* (sandok), at *falnemak* (agong).

Ang paggamit ng *ulaw* (tubaw) ng mga datu o matatanda ng mga Blaan ay isa sa kanilang materyal na kultura na lumitaw sa salaysaying Ang Datu sa Sabeng at Datu sa Sanlongit (*Tao Sabeng na Tao Sanlongit*). Ito ang bahagi ng kwento:

Habang natutulog ang datu ng Sanlongit, nanaginip siya na pinahihinto na sila sa pag-away sapagkat siya at ang datu ng Sabeng ay magkapatid. Kahit na maubos ang kanilang mandirigma /tauhan, wala sa kanilang dalawa ang matatalo dahil pareho sila ng kakayahan. Biglang bumangon ang datu ng Sanlongit at sinabi sa datu ng Sabeng na itigil na nila ang kanilang pag-aaway at inutusan nitong buhayin ang kanyang ama upang mapatunayan kung sila nga'y tunay na magkapatid. Agad namang ginawa ito ng datu ng Sabeng. Kinuha niya ang *ulaw* (tubaw) sa kanyang ulo at itinakip sa bangkay ng tatay ng datu ng Sanlongit. Nabuhay ang patay at sa sobrang tuwa ng datu ng Sanlongit, niyakap niya ang datu ng Sabeng na siya pala niyang kapatid. Kinuhang muli ng datu ng Sabeng ang kanyang *ulaw* (tubaw) at itinakip sa mga namatay na tao at silang lahat ay nabuhay.

Maaari rin namang magsuot ng *ulaw* (tubaw) ang kalalakihang Blaan basta mayroon lamang ito. Mapapansin na kadalasang ang nagsusuot nito ay ang mga matatanda o datu lamang sa kanilang tribu. Ang pagsusuot ng *ulaw* (tubaw) ay bilang pagkakakilanlan na sila ay kabilang sa pangkat ng lumad. Isa pang ginagampanan ng pagsusuot nito ay bilang proteksyon na rin ng ulo laban sa matinding sikat ng araw o pagbuhos ng ulan.

May mga palamuti rin sa katawan na ginagamit ng mga Blaan. Pagkakakilanlan din ang tanging layunin nila sa pagsusuot ng mga palamuti sa katawan tulad ng gintong kwentas at singsing. Ang pagsusuot din ng mga palamuti sa katawan lalong –lalo na ang gintong kwentas at singsing ay nagpapakita ng katayuan sa buhay. Kapag mas maraming pagmamay-aring palamuti sa katawan, naangangahulugan din itong may mataas na katungkulan sa pangkat na kinabibilangan. Mababasa ito sa salaysaying Ang Prinsesa (*Lebon Bnoe*). Ito ay ipinakita sa bahaging nalulunod at tinatangay ng malakas na agos ng tubig ang prinsesa at ito'y kanyang inihagis. Narito ang bahagi ng kwento:

Habang nagbabayo ang prinsesa, biglang bumuhos ang napakalakas na ulan at bumaha. Sa kanyang pagtayo, nabuwal ang lupang kanyang kinatatayuan. Pagtingin niya sa walong kasunod na bahay ay nalulunod na ang mga ito at pati siya'y nalunod na rin at napadpad sa *Lanaw Tokong* (Lake Tokong). Itinapon niya ang kanyang gintong kwentas at naging ahas ito hanggang sa muli siyang inanod ng tubig dahil sa lakas ng baha at nakarating siya sa *Lanaw Oho* (Lake Oho) at muli nanaman niyang inihagis ang kanyang singsing at ito'y naging aso. Sa sobrang lakas ng baha, naanod ang prinsesa patungo sa isang lugar na pinangalanang S'bu at nahulog siya sa isang kweba.

Maliban sa mga gintong palamuti sa katawan, kilala rin ang mga Blaaan sa pagsusuot ng porselas, hikaw at iba pang uri ng palamuti sa katawan na gawa sa makukulay na **beads**, kahoy at iba pang uri ng materyales. Ito'y nagpapakita ng identidad. Kapag nagsusuot sila nito, pinaniniwalaan nilang ito ang magpapakilala sa kanila na sila'y B'laan. Mababasa ito sa bahagi ng kwentong Ang Ulyaning Matanda at si Datu Koloel (*Tuha Lebon na Loge Dnatu Koloel*):

Sinuklayan na nga ito ng kanyang asawa at inihanda na nito ang kanyang mga gamit tulad ng sinturon na gawa sa kahoy ng balite, porselas na yari sa kawayan at kuhol na ginawang hikaw. "Alis na ako," pagpapaalam ng ulyaning matanda. "Sige, mag-ingat ka," tugon ng asawa.

Nabanggit din ang materyal na kulturang kwentas sa salaysaying Ang Prinsipe sa Bukid Gdongos (Loge Dnato be Bolol Gdongos). Ito ay ang paghahanda ng prinsesa na kumuha ng mga materyales na gagawing kwentas. Mababasa ito sa bahaging:

Umalis na ang prinsesa at nagdala ito ng *gene laho* (sisidlan) para may lalagyan siya ng bunga at mga palamuti sa katawan at mga kwentas.

Ang paggawa ng kwentas at iba pang palamuti sa katawan ay isang gawaing nangangailangan ng tiyaga. Ito ay maingat na isinasagawa ng mga Blaan upang maging maganda ang resulta nito. Iilan lamang ang marunong nito at kinakailanagang maituro ito sa ibang kasapi ng kanilang pangkat upang mapanatili ang pagsasagawa nito.

May iba't ibang uri ng sisidlan ang mga Blaan. Isa sa mga ito ay ang tinatawag na *bloyot* (uri ng sisidlan). Mababasa ito sa alamat na Taggutom (*Akdaw Fule*). Sa kwento, ang *bloyot* ay pinaglagyan ng mga nakuhang ubod. Mababasa sa bahaging ito:

Inutusan ng ama ang kanyang mga anak na kumuha ng lalagyan upang paglagyan ng ubod ng kahoy na kanilang kakainin. Kinuha na nga nila ang ubod at inilagay sa isang bloyot (sisidlan). Pagkatapos ay kanila ng niluto at sabay-sabay nilang kinain.

Isa pang uri ng sisidlan ng mga Blaan ay ang *gene laho* (uri ng sisidlan). Ang *gene laho* ay maliit na sisidlan na pinaglalagyan ng nganga at apog. Mababasa ang tungkol sa paggamit ng *gene laho* sa salaysayin na Ang Prinsipe sa Bukid Gdongos (*Loge Dnato be Bolol Gdongos*).

Umalis na ang prinsesa at nagdala ito ng gene *laho* (sisidlan) para may lalagyan siya ng bunga at mga palamuti sa katawan at mga kwentas.

Nabanggit sa alamat na Tafe (*Tafe*) ang paggamit ng *owing el* (bangka) sa pagpunta sa langit. Sa kwento, ang bangka ang siyang nagsisilbing sasakyang patungo sa langit noong unang panahon. Tanging bangka lamang ang maaaring sakyan upang makarating sa langit. Sa bahaging ito ng kwento binanggit ang bangka:

Si Tafe ay isang taong may taglay na kapangyarihan na nangarap na pumunta sa langit sakay ang bangka.

Ang *owing el* (bangka) ang siyang ginagamit ng mga Blaan kapag sila'y nangingisda sa ilog. Ito'y may malaking naitutulong para sa kanilang kabuhayan.

Nakilala rin ang mga Blaan sa pagkakaroon ng bahay na yari sa *kalon* (kogon). Kadalasan, sila mismo ang kumukuha ng kogon at nagtatayo ng kanilang tahanan kasama ang kanilang mga katribu. Malinaw itong naipakita sa bahagi ng alamat na Tafe(*Tafe*):

Ang masakit pa nito'y isinumpani Tafe ang lahat ng alagang hayop ni Mal tulad ng kanyang kalabaw, kabayo, at aso na magiging bato. Ang mga tanim kasama ang palay ay magiging kogon, ang tubo ay magiging damo. Si Mal Tau ay namuhay mag-isa.

Sa paghuli ng mga hayop sa gubat, gumagamit ang mga Blaan ng sibat. Ito ang ginagamit nila sa paniniwalang ito ay mas madali at mas mabilis makapanghuli ng hayop. Makikita ang paggamit ng sibat bilang kagamitan sa paghuli ng hayop sa bahagi ng alamat na Ang Usa (*Sladang*):

Dumating si Sedak We at nagsabing, “Ako rin, taihan ninyo ang aking sombrero.” Lumapit agad ang mga manok at tumae sa sombrero ni Sedak We. Galit na galit ito sapagkat puno ng tae ang kanyang sombrero. Isinumpa niya ang mga hayop sa kagubatan. Sinabi ni Sedak We, “Ikaw usa, walang makadadakip sa iyo kung hindi ka huhulihin sa pamamagitan ng bitag, ikaw baboy walang makakahuli sa iyo maliban sa paggamit ng sibat dito sa gubat at isinusumpa ko lahat ng uri ng hayop na magiging mailap kayo sa tao na pupunta sa bukid.”

Masasalamatin din sa salaysaying Ang Matandang Lalaki (*Tuha Loge*) ang materyal na kultura na sibat. Ito ang nagiging kasa-kasama ng mga B'laan sa kanilang pangangaso. Mababasa ito sa talatang:

May isang matandang mangangaso na ninirahan sa gubat. Kasama nito ang kanyang maybahay. Isang araw, maaga siyang nagising at inutusan ang asawa na magsaing para may babaunin siya patungong gubat.

Lumisan na ang matanda at nagsimulang maglakbay sa kabundukan upang maghanap ng baboy damo o anumang hayop sa gubat. Maya-maya, nakarinig siya ng kaluskos. Namataan niya

ang isang malaking baboy damo. Inasinta niya ito ng sibat at ito'y kanyang tinamaan. Namatay ang baboy damo at ito'y kanyang binuhat at inilapag sa ibaba ng isang puno.

Ang paggamit ng dahon bilang pambalot sa pagkain na babaunin ay nakagawian na ng mga Blaan. Tulad ng ginawa ng maybahay sa salaysayin na Mang-aagaw na Matanda (*Tuha Loge Mnagaw*), kung saan ipinaghanda ng babae ng pagkain ng kanyang bana na babaunin sa pangngisda. Ibinalot niya ito sa dahon bago niya inilagay sa sisidlan. Mababasa ito ng ganito:

Nagsaing na nga ang babae at ibinalot ito sa dahon at inilagay sa sisidlan. Umalis na ang matandang lalaki at nakarating siya sa isang ilog na may kalaliman. Nakita niya ang isang aswang na namimingwit at napansin niyang marami na itong nabingwit na isda.

Ang itak ay isang pangunahing kagamitan sa tahanan ng mga Blaan. Ito ay ginagamit sa kanilang pagsasaka o maaari ring proteksyon sa sarili at iba pa. Sa salaysaying Ang Prinsipe (*Loge Dnato*), naging kasangkapan ng prinsipe ang itak sa pagsasagawa ng ritwal upang maisakatuparan ang ipinagagawa ng datu na ama ng prinsesang nais niyang mapangasawa. Ganito ang paglalahad:

Nang mag-umpisa nang ngumanga ang prinsipe, kinuha niya ang kanyang itak at ito'y iwinasiwas kasabay ang kanyang dasal. Hindi nagtagal naubos ang tubig ng sapa at lumabas ang malaking isda at hinuli na nga ito ng prinsipe.

Ang espada ay ginagamit ng mga Blaan bilang proteksyon sa kanilang sarili. Ito ay isang tradisyunal na kagamitang dinadala ng bawat *fulong* (datu). Nakapaloob ang materyal na kulturang ito sa salaysaying Ang Datu sa Sabeng at Datu sa Sanlongit (*Tao Sabeng na Tao Sanlongit*). Nabanggit sa kwento na ang kampilan ay inihanda ng mga lalaki upang may magamit sa pagsugod sa pangkat na gusto nilang paghigantihan. Mababasa ito sa bahaging:

Habang naghahanda ng baon ang mga babae, ang mga lalaki'y nama'y naghanda ng mga kagamitan sa pakikipaglaban tulad ng espada.

Sa salaysayin na Inggiterang Babae (*Lebon Mafe Nawa*) ay nabanggit din ang materyal na kulturang espada. Sa kwento, ito ay ginamit sa paghuli sa *tahaw* (uri ng ibon). Narito ang bahagi ng kwento:

Pinuntahan na ng lalaki ang kahoy na itinuro ng kanyang anak. Nagtago siya at hindi nagtagal, dumating na ang *tahaw* (uri ng ibon), hindi niya alam na nasa ilalim ng puno ang kanyang asawa.

May dalang espada ang lalaki. Nang marinig ang huni ng *tahaw*, pinalo niya ito ng kampilan at ito'y nahulog.

Bukod sa ginagamit sa pakikipaglaban, ang espada ay nagsisilbi ring *sablag* (dowry) o maaari ring panregalo sa mga panauhin. Ito ay mababasa sa bahagi ng salaysaying Si Taliley (*Taliley*):

Si Taliley ay isang taong may kakayahang gumawa ng kabutihan at siya rin ay matulungin sa kapwa. Isang araw, bumisita siya sa isang lugar kung saan nakatira ang isang mayamang Datu. Sa lugar na ito, napakaraming kagamitan tulad ng espada at agong at mga hayop tulad ng kabayo at kalabaw. Sa pag-uwi ni Taliley, pinadalhan siya ng animnapung kagamitan at iba't ibang uri ng hayop.

Ito ay isang tradisyunal na kagamitang dinadala ng bawat *fulong* (datu). Sa lipunang B'laan, ang babae at hindi datu ay ipinagbabawal na magdala ng espada.

Ang banig at unan ay hindi lamang ginagamit sa pagtulog. Para sa mga Blaen, bahagi ito ng pagdiriwang nila ng kasal. Ang banig ay inilalapag sa sahig kung saang bahay idinaraos ang kasal at may dalawang unan dito. Nakapaloob ang kulturang ito sa salaysaying Pag-aasawa (*Kasna Lebon*).

Dumating na ang kabilugan ng buwan. Nagmamadali na silang magbayo ng palay pagkatapos humuli sila ng dalawampung manok upang may madala sa kasal. Naihanda na nila ang lahat ng *sablag* (dowry) na dadalhin at pumunta na nga sila sa lugar ng babaeng mapapangasawa ng kanilang anak. Pinatuloy sila ng mga magulang ng dalaga at sinimulan na nilang magluto. Handa na ang lahat ng pagkain at tinawag na nila ang binata at ang dalaga upang paupuin sa banig at unan upang maumpisahan na ang kanilang kasal. Nagsubuan ang ikinakasal at sinabi ng datu na magsama sila habambuhay.

Isang matandang kaugalian ang pagluluto ng mga Blaen sa *kolang tanok* (kaldero na yari sa luwad). Pinaniniwalaan ng mga Blaen na mas masarap ang pagkain kapag niluto sa *kolang tanok*. Mababasa ito sa kwentong Ang Kuhol at ang Palaka (*So na Fak*). Ipinakita ang kulturang ito sa talatang:

Isang araw sinabi ni Kuhol kay Gako na maiiwan muna siya sa bahay at siya'y pupunta sa bukid. Si Gako naman ang nagluto. Narating na nga ni Kuhol ang kanyang bukid. Nang magtanghali na, umuwi na sa kanilang bahay si Kuhol at nagtanong, “Luto na ba ang ating pagkain?” “Oo, tapos na”, tugon ng asawang si Gako. “Maghanda ka na ng ating pagkain, kakain na tayo,” utos ni Kuhol kay Gako. Pumunta si Gako sa kusina at binuksan ang *kolangtanok* (kalderong yari sa luwad) pinaglutuan niya ng *lufek* (lugaw) pagkatapos ay lumukso siya sa loob nito. Sa sobrang init ng lugaw, namatay si Gako. Umiyak si Kuhol sapagkat wala na ang kanyang asawa. Hanggang sa lukso nang lukso si Kuhol at nabasag ang kanyang puwet na sanhi ng kanyang pagkamatay.

Ang *kelo* (sandok) ay bahagi rin ng kulturang Blaen. Ang *kelo* (sandok) ay ginagamit bilang panguha ng kanin o ulam. Mababasa ang kulturang ito sa alamat na Alamat ng Unggoy (*Kagbot ye Ewas*):

Narinig ito ni Fye We at sinabing, “Hindi pala kayo natutuwa dito sa langit dahil lagi ninyong pinag-uusapan ang lupa. Ibabalik ko kayo sa lupa ngunit uunahin kong ihulog ang lalaki.”

Inihulog na nga ni Fye We ang lalaki at isinama niya dito ang *kelo* (sandok) at mangkok kasabay sa pagsasabing, “Pagdating mo sa lupa, bantayan mo ang kagubatan. Ikaw ay magiging *ewas* (unggoy).”

May mga katutubong instrumento rin na ginagamit ng mga Blaan sa pagsagsagawa ng kanilang ritwal. Para sa kanila, malaki ang ginagampanan at naitutulong ng mga instrumentong ito upang maging maaayos at matagumpay ang pagsasagawa ng kanilang mga ritwal. Labis nilang pinahalagahan ang mga ito at itinuturing na isang kayamanan na dapat ingatan at pahalagahan.

Ang *falnak* (agong) ay ginagamit sa iba’t ibang pagdiriwang na isinasagawa ng mga B’laan tulad ng pagsasagawa ng kasal at *kanduli*. Ang tunog nito ang siyang hudyat ng pagkakaroon ng pagtitipon. Ang *falnak* (agong) ay simbolikal para sa mga Blaan dahil ito ay isang materyal na kulturang pagkakakilanlan sa kanila at labis nila itong iniingatan. Isinaad ang materyal na kulturang ito sa salaysaying Ang Ulyaning Matanda at Si Datu Koloel (Tuha Loge na Loge Dnatu Koloel). Sa kwento ay pinatugtog ng datu ang *falnak* (agong) at nabuhay ang namatay na prinsiphe.

Isang umaga, pinatugtog ni Datu Koloel ang *falnak* (agong) at biglang naupo sa tabi ni Datu Koloel ang prinsiphe na kanyang pinatay. “Bakit mo ako tinawag?” tanong ng prinsiphe.

Bukod sa ginagamit sa mga pagdiriwang, ang *falnak* (agong) ay ibinibigay din bilang regalo o sablag (dowry). Ito ay mapapatunayan sa salaysaying Si Taliley (*Taliley*) sa bahaging:

Si Taliley ay isang taong may kakayahang gumawa ng kabutihan at siya rin ay matulungin sa kapwa. Isang araw, bumisita siya sa isang lugar kung saan nakatira ang isang mayamang Datu. Sa lugar na ito, napakaraming kagamitan tulad ng kampilan at *falnak* (agong) at mga hayop tulad ng kabayo at kalabaw. Sa pag-uwi ni Taliley, pinadalhan siya ng animnapung kagamitan at iba’t ibang uri ng hayop.

Ang pagkakaroon din ng *falnak* (agong) ay pagkakakailanlan ng pagkamayroon. Mas maraming *falnak* (agong), nangangahulugan ng mas nakakaaangat na estado sa buhay at posisyong ginagampanan sa lipunang Blaan. Ibayong pag-iingat at paggalang ang kailangan sa *falnak* (agong) ng mga Blaan maging sa iba pang pangkat-etniko sa Pilipinas. Ipinagbabawal ang pag-apak sa *falnak* (agong) kahit pa ito ay ginagamit sa mga pagsasayaw sa paaralan. Hinihiling ng mga Blaan ang mataas na paggalang sa kanilang mga instrumentong ginagamit lalo na ang *falnak*.

Talahanayan 1. Materyal na Kultura na Masasalamín sa Kwentong Bayan ng Blaan

MGA ETNIKONG KASUOTAN at kagamitan	
	<i>Ulaw</i> (tubaw)
	Gintong kwentas at singsing
	Porselas at iba pang palamuti sa katawan na yari sa kahoy at beads
	<i>Bloyot</i> (uri ng sisidlan)
	<i>Owing el</i> (Bangka)
	<i>Kalon</i> (kogon)
	Sibat
	Dahon na ginagamit bilang lalagyan ng pagkain
	Banig at unan na ginagamit sa pagkakasal
	<i>Gene laho</i> (uri ng sisidlan)
	Kampilan
	<i>Kelo</i> (sandok)
KATUTUBONG INSTRUMENTO	<i>Falnemak</i> (agong)

IV. Konklusyon

May mga Kwentong Bayan ang mga Blaan na kasasalaminan ng kanilang mayaman na kultura. Mababasa sa kanilang Kwentong Bayan ang mga kagamitan na bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga kasuotan ay siyang magpapakilala sa kanilang pangkat na kinabibilangan at nagpapakita rin ito ng kanilang makulay na kultura. Ang kanilang kagamitan ay siyang ginagamit nila sa araw-araw nakatutulong sa kanilang mga gawain. Ang agong ay ginagamit sa tuwing may isinasagawang pagdiriwang ang pangkat.

TALASANGGUNIAN

- [1] Du, N. O. (2014). Pagdalumat sa mga sinaunang di-materyal na kultura ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa kanilang Kwentong Bayan. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2(6), 158-163.
- [2] Hufana, N., M. J. Banawa, G.V. Gervacio, C.Pantorilla, A. Sajulga and Tiosen, R. (2018). *Wika at kultura sa mapayapang lipunan*. Mutya Publishing House, Inc.
- [3] Hufana, N. L. (2010). *Wika, kultura, at lipunang Pilipino*. Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika. Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan. MSU-Iligan Institute of Technology.
- [4] Marquez, S.T. and Garcia, E.C. (2008). *Panitikang Pilipino interaktibo at integratibong talakay (Alinsunod sa OBE)*. Books Atbp Publishing Corpages.